**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON SECRETARY HARRY ROQUE**
**September 20, 2021 (12:01 A.M. – 1:00 P.M.)**

**SEC. ROQUE:** [*TECHINICAL PROBLEM] …* ito po ay sa mga lugar na low-risk na idi-determine po ng ating DOH. Kinakailangan po papasa sa safety criteria 'no na safety assessment tool ng DepEd; kinakailangan mayroon pong suporta ng LGU sa pamamagitan ng isang resolution or letter of support; at kinakailangan mayroon pong written consent ng mga magulang ng learners.

Kasama po natin maya-maya lang si Department of Education Secretary Leonor Briones para [*TECHINICAL PROBLEM] …* marami-rami po ito ha: American Samoa, Burkina Faso, Cameroon, Cayman Islands, Chad, China, Comoros, Republic of the Congo, Djibouti, Equatorial Guinea, Falkland Islands (Malvinas), Gabon, Hong Kong, Special Administrative Region of China, Hungary, Madagascar, Mali, Federated States of Micronesia, Montserrat, New Caledonia, New Zealand, Niger, Northern Mariana Islands, Palau, Poland, Sabah, Special Municipality of the Kingdom of Netherlands, Saint Pierre and Miquelon, Sierra Leone, Sint Eustatius [*TECHINICAL PROBLEM]*

Usaping bakuna naman po tayo. Naku po, mahigit apatnapu't isang milyon na po or 41,414,015 ang total vaccines administered ayon sa September 19, 2021 National COVID-19 Vaccination Dashboard. Sa bilang na ito, nasa 18,560,409 ang fully vaccinated. Ang ibig sabihin po nito, ang mga naka-first dose na nationally ay 29.63% at ang mga naka-second dose nationally ay 24.06%.

Sa Metro Manila naman po ha, nasa 14,746,703 naman po ang total vaccines administered. Sa bilang na ito, 6,488,940 naman po ang fully vaccinated or 66.37% as of September 19, 2021.

Tandaan natin: Libre ang pagbabakuna; ligtas, epektibo at dagdag proteksiyon ito. Magparehistro lang po sa inyong LGU.

[*TECHINICAL PROBLEM] …* dalawang buwan. Ito po ay half a day, every other week at ito po ay gagawin sa mga lugar na, unang-una: Minimal risk po 'no na idi-determine ng ating DOH sang-ayon po sa safety assessment na ibibigay po ng ating Department of Education. Kinakailangan mayroon pong suporta ng mga local government units sa pamamagitan po ng resolusyon or letter of support at kinakailangan po mayroong written support and consent ng mga magulang ng ating mga kabataan.

Kasama po natin ngayon, walang-iba kung hindi si Secretary Leoner Briones para isiwalat po ang iba pang detalye ng kaka-approve lang po na limited pilot face to face classes.

Balitang IATF naman po tayo. Inaprubahan po ng inyong IATF ang bagong klasipikasyon na red, yellow and green countries or jurisdictions na nagkaroon po ng epekto kahapon, September 19 hanggang September 30, 2021.

Kasama sa red list ang Granada, Papua New Guinea, Serbia, Slovenia.

Kasama naman po sa green list ang American Samoa, Cameroon, Cayman Islands, Chad, China, Comoros, Republic of the Congo, Djibouti, Equatorial Guinea, Falkland Islands (Malvinas), Gabon, Hong Kong, Special Administrative Region of China, Hungary, Madagascar, Mali, Federated States of

Micronesia, Montserrat, New Caledonia, New Zealand, Niger, Northern Mariana Islands, Palau, Poland, Sabah, isang Special Municipality of the Kingdom of Netherlands, Saint Pierre and Miquelon, Sierra Leone, Sint Eustatius, Taiwan, Algeria, Bhutan, Cook Islands, Eritrea, Kiribati, Marshall Islands, Nauru, Nicaragua, Niue, North Korea, Saint Helena, Samoa, Solomon Islands, Sudan, Syria, Tajikistan, Tanzania, Tokelau, Tonga, Turkmenistan, Tuvalu, Vanuatu, and Yemen.

Ang mga lugar po na hindi natin nabanggit ay nasa yellow list.

Usapang bakuna naman po tayo. Mabuting balita po ‘no, mahigit apatnapu’t isang milyon na po or 41,414,015 na ang total vaccines administered ayon sa September 19, 2021 National COVID-19 Vaccination Dashboard. Sa bilang po na ito, nasa 18,560,409 ang fully vaccinated. Sa national po, first dose ay 29.63%; ang second dose ay 24.06%.

Sa Metro Manila naman po nasa 14,746,703 naman po ang total vaccines administered. Sa bilang na ito nasa 6,488,940 naman po ang fully vaccinated or 66.37% na po as of September 19, 2021.

Tandaan po natin ha: Libre ang pagbabakuna; ligtas, epektibo at dagdag proteksiyon ito. Magparehistro lang po sa inyong LGUs.

Habang tumataas ang nababakunahan, dumarami naman po ang ating vaccines supplies. Bumuhos ang dating ng mga bakuna. Dumating kagabi, September 19, ang mahigit dalawang milyon or 2,020,590 doses ng Pfizer vaccine mula sa US government through COVAX. Tatlong milyong doses naman po ng Sinovac vaccines ang dumating din kagabi. Ang bagong shipment na ito ng Sinovac ay ipamamahagi po sa Regions III, IV-A, VII, XI at NCR. Darating naman ang 561,600 doses ng Pfizer mamayang gabi. Ito ay donasyon ng US government through COVAX Facility. Maraming salamat po.

Samantala, 190,000 doses ng component 2 or second dose ng Sputnik V ay dumating noong Sabado, September 18. Ito ay ipamamahagi naman sa Bohol, Isabela, Bacoor City sa Cavite, Metro Manila at iba pang lugar sa Regions III and IV-4.

Dumating din po noong Sabado, September 18, ang 961,000 doses ng Moderna. Sa bilang na ito, nasa 712,800 doses ang binili ng pamahalaan habang nasa 248,200 doses naman po ang binili ng pribadong sektor. At noong Biyernes, September 17, dumating ang 661,200 doses ng AstraZeneca na binili ng mga lokal na pamahalaan at pribadong sektor.

Pumunta naman po tayo sa updates sa COVID-19. Ito po ang ranking ng Pilipinas sa mundo sang-ayon po sa Johns Hopkins: Number 18 po tayo sa total cases; Number 14 sa active cases; Number 136 sa cases per 100,000 population; at sa case fatality rate na 1.55% tayo po ay number 93.

Nasa 19,271 po ang ating bagong kaso ayon sa September 19, 2021 datos ng DOH. Mataas pa rin po ang ating recovery rate, nasa 90.9% po iyan. Mayroon na po tayong higit dalawang milyon o 2,151,765 ng mga gumaling. Samantala, malungkot namin pong ibinabalita na nasa 36,788 na po ang binawian ng buhay. Nakikiramay po kami.

Ito naman po ang kalagayan ng ating mga ospital: Nasa 77% po ang nagagamit nang ICU bed sa sa buong Pilipinas at sa Metro Manila. Ang nagagamit naman pong isolation beds ay 67% sa buong Pilipinas at 63% sa Metro Manila. Ang ward beds po, 72% sa buong Pilipinas; 73% sa Metro Manila; ang mga ventilators, 56% sa buong Pilipinas at 61% sa Metro Manila.

Dito po natin tinatapos ang ating presentasyon at kagaya ng aking sinabi kanina, excited po tayo ngayon dahil kasama natin ay walang iba kung hindi si Secretary Leonor Briones ng ating Department of Education para sa iba pang detalye ng limited face-to-face pilot.

Ma'am, the floor is yours.

**DEPED SEC. BRIONES:** Maraming-maraming salamat, Spox Harry.

This is really a wonderful, this is a great day! Marami tayong magagandang balita tungkol sa edukasyon dito sa ating bansa lalo na sa ating mga learners, sa mga parents at saka sa community.

Una, gusto kong ibalita na successful, Spox Harry, ang opening ng ating academic school year last September 13 na in-approve ni President Duterte. At nagpakita ng pagtitiwala/trust sa education sa ating administrasyon, Administrasyon ni Presidente Duterte. Makikita natin iyan sa enrollment numbers.

Alam mo, Spox Harry, last year, ang ating enrollment ay umabot ng 26.2 million in the light of many complications lalo na sa COVID. Ngayon, with the entry even of the Delta variant and other challenges, nag-increase ang ating enrollment vis-à-vis last year. Dumami ang challenges sa COVID because of the various variants pero ang enrollment tumaas from 26 million last year, tumaas at ang total is 107.6%, umabot ng 28,219,623.

Ito ay nagpapakita ng trust ng parents, ng learners, ng teachers, ng buong bansa, sa sistema ng ating edukasyon. Ito ay nagpapakita ng pagpapaliwanag, nakikinig sila sa paliwanag ng ating department at tinatanggap nila iyong strategy at approach na ginamit natin, iyong combination ng blended learning.

So, our enrollment is higher than last year's 26 million. 28 million this year, hindi pa kasama, Spox Harry, ang alternative learning systems which is close to the heart of the President himself. Hindi pa kasama sa bilang natin ang mga overseas schools natin all over the world kasi may mga Philippine schools tayo. We expect na tataas pa itong numerong ito by September 30. By that time tapos na iyong deadline sa enrollment at tataas pa ang mga numero.

Isa pang magandang balita bago ako pupunta sa ating pinakahihintay na news about face-to-face ay ang Department of Education ay nakatapos na sa budget hearing ng Appropriations Committee. Isang meeting ang naganap, pass one (1) kaagad and hindi naman inaprub, pero

napakinggan na iyong ating request ng budget natin next year for P629 billion for next year. So, ang hinihintay na lang natin ang plenary para sa ating budget.

Ngayon, punta tayo, mainit na mainit na balita, just straight from the Office of the President na in-announce kanina ni Spox Harry, ina-announce mo eleven o' clock this morning na inaprub na ni President ang pag-initiate ng pilot classes para sa face-to-face. Itong lahat ipinaliwanag na, nasa guidelines ng President. Nagpadala siya ng written guidelines which reflect the combined guidelines of the Department of Education, the Department of Health, IATF and the experts in child education.

Una, iyong sinabi natin, kailangan numero uno, papasa sa safety assessment ng Department of Education ang lugar kung saan tayo mag-hold ng face-to-face classes.

Pangalawa, kailangan pumayag ang local governments, dahil sila ang magho-host ng pilot classes na ito.

Pangatlo, kailangang may written consent ng mga parents na papayag sila na iyong kanilang anak ay sasali sa pilot classes.

Pang-apat, ang sinabi namin, ang facilities ng Department of Education kailangan handa para sa requirements of the IATF and the Department of Health para magkaroon tayo ng social distancing, sapat na tubig, gamot, close location to a health unit, etc.

So, itong lahat ay kino-consider natin. So, very, very strict ang health standards natin.

Ngayon, maximum of 100 schools muna tayo mag-umpisa para maobserbahan natin how it will work tapos dinadagdagan natin ng 20 private schools na mag-submit sila ng kanilang mga plans.

Tapos sa Kindergarten, sa klase, 12 na learners; sa Grade 1-3, 16 na learners, para magkaroon tayo ng space for distancing. At saka sa technical vocational students, puwedeng up to 20 learners. Ngayon, ang sinasabi natin sa Kindergarten to Grade 3, three hours maximum.

At saka iyong sinabi ko paulit-ulit, itong pilot na ito, Spox Harry, ay shared responsibility ng Department of Education, Department of Health, with the approval of IATF, the LGUs themselves and the parents. Tapos, dalawang buwan ito na bantayan nang husto talaga.

May mga dagdag pang guidelines ang Presidente. Ang sabi nga niya na kung ang mga teachers natin, mga staff, na 65 years old and below kung walang comorbidities, puwede silang sumali sa programa, puwede silang mag-serve regardless of their vaccination status. This is because of the Human Rights declaration tungkol sa right of individuals concerning the health, pero pag-ingatan natin ito nang husto.

Ang face-to-face na konsepto ngayon, Spox Harry, iba sa face-to-face na kilala natin na everyday nagpi-face-to-face ang teacher, ang kabataan. Sa lahat ng bansa, walang daily continuous face-to-face. Talagang ini-schedule ito nang husto at strictly monitored. Pati iyong kilos ng mga bata, kung magtatakbuhan sila, maglalaro, mga contact sports, lahat iyan binabantayan kaya mahalaga na ang mga schools themselves will submit their own self protocols para talagang magiging safe ang pilot na ito.

Protocol para talagang magiging safe ang pilot na ito, kung safe ang pilot, if it is effective then we will gradually increase pero ang ano natin dito ang mahalaga, bantayan natin kung ano ang risk assessment. Kapag may pagbabago sa risk assessment then talagang ititigil natin.

Kagaya ng ginawa ng ibang bansa, mino-monitor namin, alam namin kung anong ginagawa ng ibang bansa. Walang day to day, eight hours a day or weekly na face-to-face ngayon. Ito ay very carefully monitored and measured at tayo naman ay nakikisunod sa mga good practices na ito.

Mayroon pa akong ibang slides tungkol sa edukasyon na kailangan sigurong i-repeat para ma-appreciate nang husto. Ibalik ko uli iyong sinasabi kong table na prinesent namin sa Congress, Spox Harry, tungkol ito sa benefits ng mga teachers natin na natanggap nila for the past years na ipinakita ko.

For the past five years *[technical problem]* budget tataas ito to 62,449. Aside from the basic salaries na sinasabi namin, mayroon pang mga benefits na nasa budget na, nasa batas na for 2021, hindi ko na kailangang i-recite uli dahil kabisado ng lahat ng mga teachers at empleyado ng gobyerno like the uniform allowance na puwede nilang ibili ng damit, puwede din nilang gamitin na lang iyong luma nilang damit, pero ibigay namin ang pera; the usual mid-year bonus; the usual special hardship allowance; the honoraria for teaching overload; iyong World Day Teacher’s Incentive na kabibigay lamang ni Presidente; year-end bonuses.

Tapos iyong mga mag-specialize, Spox Harry, sa Mathematics at saka sa Science, binibigyan din natin ng mga incentives. Mayroon pang loyalty kung tumatagal ka sa gobyerno; mayroong cash allowance na nasa GAA; at may mga cash gifts. Kung Pasko naman, ang mga local governments kung anong ibinibigay nilang mga incentives sa kanilang mga employees, binibigyan din nila ang kanilang mga teachers.

So, itong lahat ay ating na-negotiate sa panahon ni Presidente Duterte and also nagni-negotiate tayo na kung puwede namang dagdagan ang mga steps, Spox Harry. A professor, ang pinaka-highest na step sa teacher ay Teacher 3, gusto nating dagdagan iyan ng 4, 5, 6, 7 para maka-move naman ang teachers na hindi maghihintay na kung kailan mag-retire iyong the person above them who has a higher rank ‘no. So, beyond Teacher 3, na-negotiate natin na magkaroon ng Teacher 4, 5 ,6, 7 with corresponding increases.

We are also negotiating na kung puwede kasi ang highest ngayon for a teacher is Master Teacher 5, eh ngayon, magdagdag tayo ng Master Teacher 5 – sinabi ko, I’m sorry – 68,000 na

ang monthly in addition to the other benefits that we are negotiating because we believe that the teachers deserve to be recognized.

Maliban pa diyan, Spox Harry, ang mga teachers kung sila ay competitive kumbaga at saka talagang nagsusumikap, dumadami na ngayon ang teacher's awards. Alam na natin ang MetroBank, that's already P1 million, Harry, for the best teachers dito sa Pilipinas. That's P1 million every year from MetroBank for example.

And then BusinessMirror nagri-reward sa pagtuturo ng mga bata ng handwork at honesty, magsusulat sila ng essay. And the regional level when you have the [unclear] award which is $25,000 kung mag-initiate ka ng mga bagong paraan sa pagtuturo.

Ang pinakamataas na award na alam ko ay ang Global Teachers Award na nagkaroon na tayo ng ilang finalists. Ang isa sa ating finalist list, top ten siya, number three siya sa finalists sa Global Teachers Award na isang PhD in Mathematics na IT siya from the Visayas. Nag-develop siya ng ways of teaching Mathematics through songs and through dance, and through music and through shapes and designs of IT/Art. And ang reward dito kung makamit kayo ng ganitong klaseng reward is $1 million, Spox Harry, for really recognizing the best teachers all over the world.

So, itong lahat, Spox Harry, sinabi ko na at the opening ng ating academic school year ay we celebrate success and we celebrate the success of the approval for the implementation pilot studies, we celebrate the success in the very significant increase in enrollment in spite of the additional challenges and difficulties from the health sector and the state of the economy, nag-increase lalo which shows that in our culture, among our people, among our parents, local governments, lahat, education is still very important and Filipinos still believe in education and Filipinos accept the strategies that we have formulated in order to deliver education which is blended learning and now with limited pilot face-to-face lalong mapaigting natin ang ating efforts on education.

So, thank you very much, Harry, and we are prepared to answer whatever questions there are from the public. Thank you.

**SEC. ROQUE:** Thank you very much, Secretary Briones, sa napakagandang balita po talaga para sa araw na ito.

Pumunta na po tayo sa ating open forum. Go ahead, USec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Yes. Good afternoon, Secretary Roque and kay Secretary Briones. [TECHNICAL PROBLEM]

**SEC. ROQUE:** [TECHNICAL PROBLEM] view na kinakailangan na nating mag-pilot ng face-to-face dahil ito po'y hindi lang issue ng edukasyon, issue na rin po ito ng health, mental health ng atin mga kabataan at issue na rin po ito ng ekonomiya kasi baka mayroon tayong

henerasyon na mawala ano dahil wala po tayong face-to-face ‘no. At ang sabi naman ni Presidente [garbled] tutol diyan basta gagawin lang natin sa mga lugar na mababa ang [garbled] magulang at ng LGUs at susunod siyempre sa safety protocols.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Question pa rin po mula kay Leila Salaverria para po kay Secretary Briones: Secretary Briones, some students struggling with distance learning have taken to online cheating by joining a Facebook group where they share notes and answer to modules. Ano daw pong step will the DepEd take to address this as well as the challenges students face that lead them to cheat? Similar question po ‘yan with Kenneth Paciente.

**DEPED SEC. BRIONES:** [Garbled] na iyan. Ang question ng cheating ay hindi lamang question sa education, hindi lamang sa eksamen sa edukasyon at question ‘yan sa buong lipunan ng Pilipinas at saka iyang question ng cheating in schools ay lingering ano ‘yan, issue ‘no. Hindi dyina-justify, I’m saying that it is there and we will not tolerate it.

We are now seeking the assistance of the authorities and tracing ‘no kasi mayroon naman talagang—may questions kasi diyan eh at saka may key tayo for the answered questions – kung na-leak ba ‘yan or napunta sa mga estudyante o nagkopyahan, kailangang imbestigahin natin ‘yan.

Ang pagkakaiba lang ay iyong sinasabi ko dahil problema na ‘yang cheating in society itself, not just the Philippines, it’s human nature itself. And so—pero hindi ibig sabihin na i-tolerate natin because it is there. It’s not like Mt. Everest na we climb it because it is there. But we have to take [garbled] natin, tinuro natin sa ating mga bata ‘yan, Sec, Harry - “Honesty is the best policy.”

And perhaps the best teachers of honesty would also be the adults themselves that’s why we are calling on all who are [garbled] in helping [garbled] to kindly moderate or stop their activities because we will not stop at justifying it, at saying it exists.

We will take steps and we already are in touch with the appropriate authorities because we will not tolerate it at least in education.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Thank you, Secretary Briones. Bago po ako magpunta sa tanong ni Kris Jose, may gusto lang po i-clarify sa inyo, Secretary Briones si Maricel Halili ng TV-5: Pakiklaro daw po, kailan po sisimulan ang pilot test ng face-to-face classes at hanggang kailan po ito?

**DEPED SEC. BRIONES:** Ang tingin namin, kasi mayroon na kaming tentative list of the 100 schools and then kinu-compile na natin iyong 20 private schools. Tapos kasi very specific iyong ano natin eh, kailangan may consent ang local government, may proseso ‘yan eh – the parents also give their written consent and many parents have already done that. And na-inspect na rin namin iyong aming facilities, Spox Harry, kasi kung hindi appropriate, hindi rin namin ‘yan papayagan.

So in two months' time hinahanda na pati ang curriculum, etcetera. Kasi matagal na namin itong pinag-iisipan at alam namin kung anong ginagawa din sa ibang bansa, na iyong mga ibang bansa na [garbled] natin o kasabay sa atin sa pagharap ng challenge na ito.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary Briones. Tanong po mula kay Kris Jose ng Remate/Remate Online for Secretary Roque: Reaction daw po sa sinabi ni former Senate President Juan Ponce Enrile na ideklara raw persona non-grata ang ICC probers. Huwag daw pong papasukin sa Pilipinas para magsagawa ng imbestigasyon hinggil sa kampanya ng pamahalaan laban sa iligal na droga. Maari bang mangyari ang sinabi ni Enrile at ano po ang dapat na grounds para maideklarang persona non-grata ang isang tao o mga tao?

**SEC. ROQUE:** Well, maraming salamat po kay dating Senate President Enrile 'no, talaga namang he is full of wisdom. Pero ang paninindigan po ng Pilipinas dahil hindi na nga po tayo kasapi sa Rome Statute ng International Criminal Court, wala po tayong obligasyon na makipag-cooperate ngayon 'no. At dahil wala po tayong obligasyong makipag-cooperate paninindigan natin ang ating hurisdiksyon at soberenya. Seloso po 'yan, hindi po pupuwede na dalawang estado ang mag-i-exercise ng hurisdiksyon at ng soberenya.

Exclusive po ang pag-exercise ng hurisdiksyon at ng soberenya kaya 'yan po ang dahilan kung bakit hindi pupuwedeng mag-imbestiga ang mga dayuhan sa mga krimen na nangyari po dito sa ating bayan. Now, that is a moot and academic question naman po kasi habang nandiyan pa po si COVID, wala naman pong pupuwedeng pumasok dito kung hindi iyong mayroong mga long staying visas.

Nawala ang audio mo, Usec. Naka-mute ka, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Yes. Secretary, ang susunod pong magtatanong ay si Mela Lesmoras ng PTV.

**SEC. ROQUE:** Go ahead, Mela.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Hi! Good afternoon, Secretary Roque at kay Secretary Briones. Puwede pong mauna muna kaya si Secretary Briones, Secretary Roque?

**SEC. ROQUE:** Go ahead, please.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Opo. Secretary Briones, follow up lang po doon sa mga na-announce ninyo po kanina. Just to be specific, ma'am, kailan po papangalanan naman itong mga nailista ninyo nang tentative schools na kasali dito sa pilot? And sa side po ng mga teachers, gaano na po kahanda iyong ating mga teachers and non-teaching personnel? Marami na po bang fully vaccinated para nga makilahok din dito sa limited face-to-face classes?

**DEPED SEC. BRIONES:** Oo. Very soon ma-release na iyong list ng schools kasi as I said noon, we started with 1,900 na sinurvey ng ating regional directors. And then on the advice of the Senate, we reduced it to 600 and then finally we reduced it to 100.

Pero kailangan [garbled/technical problem] usapan namin na 'di lamang ito [garbled] mga expert and [garbled] and even most important of course are the parents. So ito lahat ayusin natin pero na-identify na natin iyong mga schools na 'yan. At saka sa private schools, mayroon namang diretsong sumusulat sa Department na nagsasabi na ito 'yung aming plano, detalyadong-detalyado, parang libro na rin ang sinulat nila kung paano nila ma-implement ang face-to-face.

So ito siguro sa pinakamadaling panahon ma-announce na natin and we have to get ready for the next round also of sa reactions from the public as to our choices.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Opo. Secretary Briones—

**DEPED SEC. BRIONES:** [TECHNICAL PROBLEM] Do you have the second part of your question? Mayroon kang—

**MELA LESMORAS/PTV4:** [Garbled] status po ba ng mga teachers, kailangan ba iyong mga makiki-participate din sa limited face-to-face classes ay fully vaccinated? Kumusta po iyong vaccinations sa mga teachers and teaching personnel sa DepEd?

**DEPED SEC. BRIONES:** Yes. Maliwanag kasi 'yan ang opinyon ng Secretary of Justice at saka ng Department of Health that the vaccination activities that are going on are not mandatory. [garbled] kaya mapapansin ninyo sa ating lahat na mga [unclear] emphasize sa amin ng Department of Health at ng Secretary of Justice. Now, kumusta naman, gaano na ba kadami ang mga teachers na-vaccinate? Sa palagay ko ang dami-dami na nila, gina-gather namin ang data. Kasi ang ginawa namin kasi [garbled] we encourage our teacher [unclear] on a daily basis. So pumupunta doon ang mga teachers, ang sabi namin punta kayo sa local governments ninyo, libre ang bakuna, etcetera.

So sa tingin namin napaka-significant na ng number ng teachers. Kasi we are only talking of 100 schools, public schools and 20 private schools. So, hindi siguro enormous and challenge to have vaccinated teachers, whatever their position is. We have staff [garbled], who are vigorous in their opposition to vaccination and they expressed themselves as well. So, for our part, we also urge our teachers to go to their local government. And it will not be long, I am assured by Secretary Galvez na when the teachers' turn comes karamihan sa kanila, na-vaccinate na, kasi pumupunta sila sa local government. Hindi na sila naghihintay sa aming efforts, sa aming classification na susunod na kami by September. Kasi nandiyan na iyong mga local governments eh. Alam naman natin aktibong-aktibo sila up to barangay level.

**MELA LESMORAS/PTV 4:** Opo. Thank you, Secretary Briones. Kay Secretary Roque naman po. Secretary Roque, Unahin ko lang po iyong schedule ni Pangulong Duterte? May Talk to the People po ba mamaya? And just to confirmed, kasi sa statement ng Malacañang kahapon, hindi lang po na-clear kung virtual or in person iyong participation niya sa United Nations General Assembly?

**SEC. ROQUE:** Mayroong Talk to the People at virtual po ang attendance.

**MELA LESMORAS/PTV 4:** In alert level system, kumusta so far iyong monitoring ninyo dito sa alert level 4 sa NCR? In a few days, October na, ito rin po kaya iyong ipatutupad nationwide, at sa Metro Manila? Sa tingin po ba ninyo ay tuluy-tuloy na itong patakarang ito?

**SEC. ROQUE:** Wala po tayong negative reports na nakakalap 'no tungkol doon sa mga 170 na mahigit-kumulang ng mga lugar na under granular or localized lockdowns. Pero ito po ay pilot pa lang po, hindi pa po ito mai-implement on a nationwide basis pagdating po ng Oktubre, pina-pilot pa lang po natin ito.

**MELA LESMORAS/PTV 4:** Opo. Thank you so much po, Secretary Roque at Secretary Briones at kay Usec. Rocky.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Mela. Balik tayo kay Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, unahin ko na lang po itong si Leila Salaverria, para po kay Secretary Briones. Pasensiya na kasi nag-choppy daw po kayo. Kung puwede daw pong pakiulit iyong sagot kanina, iyong clarification: Ano daw pong exact date, kung mayroon na ng pilot face-to-face classes. Request po iyan ni Tuesday Niu at maging ni Trish Terada ng CNN Philippines?

**SEC. BRIONES:** Right now, hindi pa kami makabigay ng exact date dahil ngayon pa lang namin nalaman na may desisyon na ang Presidente. Pero i-implement namin kaagad. Dahil alam namin iyong 100 schools and we are reviewing the 20 private schools. At saka kanina din may tanong kung handa ba ang ating teachers na mag-participate sa pilot. Sa palagay ko handa sila, kasi matagal na ito, ilang buwan na namin itong pinag-uusapan kung paano i-implement, dahil napaka-sensitive na isyu ito.

Ang pinag-uusapan dito ano naman health and then the economy and balancing health and economy is not the easiest thing in the world. So, ito pinaghahandaan namin and as soon we get the full instructions from the President, nagpadala na siya ng instructions na susundin naman namin, dahil we agree with the conditions that we set up na sinabi sa atin ni Spox, then ipagpatuloy na namin and we will give the exact announcement already. It's not iyong sasabihin natin na kailangan equal ang mga regions 'no. It's really the readiness of the schools themselves, the preparedness of the schools to admit pilot face-to-face.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary Briones. Question from Ivan Mayrina ng GMA News. For Secretary Roque: Ayon po sa NEDA, aabutin ng 10 taon bago [garbled] ay aabot 41.3 trillion pesos. Ano ang reaksiyon ng Palasyo dito at ano ang iiwang plano at polisiya ng administrasyon sa mga susunod na mamumuno para maibangon ang ekonomiya ng bansa?

**SEC. ROQUE:** Ivan, hindi po sinabi ng NEDA sa sampung taon ang ating recovery. Ang sinabi po ng NEDA ay makakabalik po tayo sa pre-pandemic levels natin sa taong 2022 or sa early 2023. Iyong sampung taon po na nabanggit ninyo, ito po ay convergence rate para po makahabol iyong ating level of investments, iba po iyon. Ang cost naman po na 41 million, ito po iyong estimate kasi nasarado po natin ang ekonomiya ng isang taon at wala pong mga eskuwela. Kinakailangan po talaga na magpabakuna pa tayo ng mas marami nating mga kababayan, buksan pa po natin ang ating ekonomiya, ipagpatuloy na po natin itong pilot face to face schooling at mag-implement po tayo ng recovery [garbled] para po mabawasan po ang [unclear].

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang susunod pong tanong ni Ivan Mayrina: Sa kanya daw pong radio program, sinabi ni Vice President Leni na isa sa mga konsiderasyon niya sa kaniyang pagkandidato ay kung makakatulong ba ito para sa ayaw nating mangyari at isa rito ay ang magpatuloy ang administrasyong Duterte beyond 2022? Ano daw po ang reaksiyon ng Palasyo?

**SEC. ROQUE:** Eh kung ganiyan po, hindi na po siya talaga tatakbo, kasi ang termino po ni Presidente hanggang 2022 lang po, iyan po ay nakasaad sa Saligang Batas. Iyan po iyong termino ng Presidente.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin po ni Ivan Mayrina: Mabagal daw po ang vaccination rollout sa 55 million na vaccine arrivals. We should already be at 27.5 million fully vaccinated. Statement daw po iyan ni Vice Presidente Leni Robredo? Pero ang sinabi nito, but we are still at 18 million also because of the Delta variant? Many countries are increasing targets to 90% of their eligible population. Ano daw po ang reaksiyon ng Palace?

**SEC. ROQUE:** Expected na po iyan kay VP, wala po siyang mabuting nasasabi sa atin. Pero ako ay excited na excited noong binasa ko po ang ating mga figures kanina 'no. Nationally [garbled] Talagang nahirapan tayo sa supply, eh [garbled] mapapabilis [garbled].

**USEC. IGNACIO:** Tanong po ni Kyle Atienza ng Business World: Has the President already certified the [garbled] as urgent?

**SEC. ROQUE:** Hindi pa po, nasa committee level pa lang po ang ating budget hearing. *[PTV paki-ayos, delayed iyong ating audio.]*

**SEC. ROQUE:** Okay, subukan na natin uli, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kay Kyle Atienza pa rin po ng BusinessWorld: When will the new lockdown system be enforced [garbled]

**SEC. ROQUE:** Usec. Rocky, itigil muna natin, nag-i-echo. RTVM, PTV 4, pakiayos po. Nag-i-echo po. Okay, let's try again, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, [*technical problem]*

**SEC. ROQUE:** Wala pa po dahil kinakailangang pag-aralan kung nagtagumpay iyong pilot. Iyon po iyong dahilan kung bakit tayo nagpa-pilot.

**USEC. IGNACIO:** [*technical problem]*

**SEC. ROQUE:** Nag-i-echo pa rin, RTVM at saka PTV 4. Sige, subukan natin uli, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong po ni Joseph Morong ng GMA News about ICC: What do you think are the [*technical problem]*

**SEC. ROQUE:** [*Technical problem] …* ito po ay hindi po kapareho ng ating proseso sa ating piskalya [*technical problem]* otherwise, hindi sila makakasuweldo. So lahat po ng ating mga kababayan na sa tingin nila ay nalabag ang kanilang mga karapatan, maghain po kayo ng reklamo natin sa piskalya dito po sa Pilipinas, at mabilis pong proseso iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, pasensiya na 'no, kasi iyon daw pong first part ng sagot ninyo, sabi ni Joseph Morong, ay wala raw pong audio. Puwede po bang maulit natin, Secretary?

**SEC. ROQUE:** Ano po iyong tanong?

**USEC. IGNACIO:** Iyong sa ICC, what do you think daw po iyong chances of an issuance of an arrest warrant against the alleged perpetrators of the drug war including the President?

**SEC. ROQUE:** Well, sa tingin ko po, matagal na matagal na proseso pa po iyan 'no bago mag-isyu ng warrant of arrest kung mag-iisyu man. Dahil kung titingnan ninyo po ang case load ng prosecutor, talagang taon po ang tinatagal ng mga kasong subjected for preliminary investigation at lalung-lalo na po kung walang kooperasyon sa estado, pupuwede pong matulog iyang kasong iyan 'til kingdom come.

Kaya nga po ang aking suggestion, lahat ng ating mga kababayan na sa tingin nila ay nalabag ang kanilang karapatan, ihain po ang inyong mga complaint dito po sa Pilipinas 'no, sa piskalya o kaya sa pulisya. At mas mabilis po ang proseso rito dahil ang ating mga piskal, 90 days lang po, kapag hindi sila nag-resolve, wala po silang suweldo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang susunod pong tanong ni Joseph Morong dahil nawala din daw po iyong audio kanina: Will we allow ICC investigators into the Philippines as a matter of principle and not just because there are border controls due to COVID?

**SEC. ROQUE:** Hindi po, kasi tayo po ay isang soberenya at malayang bansa. Dahil nga po ang soberenya at ang hurisdiksyon ay [garbled], tanging Pilipinas lang po ang pupuwedeng mag-imbestiga ng mga krimen na nangyari sa kaniyang teritoryo ngayong hindi na po tayo kasapi sa Rome Statute ng ICC.

**USEC. IGNACIO:** Ang third question po ni Joseph: Will we allow victims, witnesses to fly to The Hague for the investigation?

**SEC. ROQUE:** Karapatan po nila iyan. Pero kung crimes against humanity, kinakailangan po widespread or systematic. So kinakailangan po talaga hundreds of thousands, thousands and thousands ang lilipad doon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po ni Celerina Monte ng NHK para po kay Secretary Briones: Gaanong kalaking factor iyong increase ng enrolment sa public ay dahil mas mahirap magpaaral ngayon sa private dahil kulang na ang budget ng mga magulang? How many students from private schools have transferred to public? Ilang private school ang nagsara dahil sa pandemic?

**DEPED SEC. BRIONES:** [Garbled] kasi by itself, ang public school enrolment, tumataas, maliban sa migrations galing sa private schools 'no – migration ng teacher, migration ng mga estudyante, oo. Isa lang iyon sa mga factors.

**SEC. ROQUE:** Usec. Rocky, bago tayo magpatuloy 'no, iyong tanong doon sa granular kung ito'y ipapatupad na in the future. Iyong granular kasi, dati na nating pinapatupad 'no, mula pa noong nag-isyu ang NTF ng kanilang Memo # 2 order noong 2020 'no. Ang bago, iyong Alert Level System 'no. So iyong Alert Level System, ang sina-subject pa po sa pilot.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary Roque, tanong mula kay Trish Terada ng CNN Philippines: Secretary Roque, what convinced the President to allow face to face classes? Can private school volunteer itself to conduct pilot run?

**SEC. ROQUE:** Nasagot ko na po iyan, at sinagot na rin po ni Secretary Briones – mayroon 20 private schools po na kasama sa pilot.

**USEC. IGNACIO:** Opo. From Marichu Villanueva ng Philippine Star for Secretary Briones: How many school children, teachers covered by limited face to face pilot testing? Will teachers be given hazard pay? Is there any anti-COVID medical assistance for school children attending this pilot testing?

**DEPED SEC. BRIONES:** Mayroon na tayong existing policy on special hazard pay. Nandiyan na iyan, at saka may mga criteria iyan na ang nag-i-impose ay ang Department of Budget and Management under what circumstances magkaroon ng special hazard pay. Pero sinabi na kanina ni Spox Harry, ang pag-implement ng pilot face to face are in areas na minimal or non-existent ang risk 'di ba. Kasi siyempre, hindi naman tayo papasok sa mga areas na mayroong risk ng COVID. That is very clear in the instructions of the President na in-announce. So very [garbled] na ipa-pilot.

So perhaps iku-consider iyan under the criteria of special hazard pay but it has to be reviewed by the Department of Budget ang Management kung may hazard ba. Kasi there are really places na hindi ganoon kaseryoso ang isyu ng COVID, and there are places na nakakabahala. Iyong mga places na talagang kitang-kita mo ang risk, hindi naman iyon gagawin. At mga local governments are very alert, hindi sila papayag ng any activity which will exacerbate whatever is the situation in their local governments.

**USEC. IGNACIO:** Okay, Secretary Briones. For Secretary Roque, question from Ace Romero, tinatanong po niya, ano raw po ang take ng Palasyo sa desisyon ni Senator Pacquiao to run for president which came as the ruling PDP Laban is facing a leadership dispute?

**SEC. ROQUE:** Wala po. Karapatan niyang tumakbo sa eleksyon. Hindi ko lang po alam kung ano ang magiging desisyon ng Comelec kung sino talaga ang pupuwedeng magdala ng pangalan ng PDP Laban.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Question po ni Trish Terada: While we respect the rights of the teachers, iri-require po ba ng DepEd na vaccinated lang po ang magtuturo sa face to face following iyong cocoon [garbled]

**DEPED SEC. BRIONES:** Right now, nag-express na ng opinion during the IATF meeting ang Secretary of Justice which was also affirmed by the Department of Health na it is not going …the vaccination is not going to be mandatory but voluntary. And what the Secretary of Justice said, and Spox is here, was that Congress has to pass a law – maalala mo, Spox, na sinabi ni Secretary of Justice, magpasa muna ng batas ang Kongreso which will make vaccination mandatory. So kami, hindi kami maka-ano ng labag na opinion diyan, dahil Secretary of Justice na.

Gusto ko lang sagutin very quickly iyong tanong: Mayroon bang benefits kung ang isang teacher ay magpa-participate sa ating pilot study?

Mayroon tayo, kung nasa ECQ ka o MECQ status, iyong school na pinili natin nasa ECQ. But it's very unlikely na pipiliin namin, Spox Harry, ang ECQ na lugar or MECQ. Mayroon tayong allowance na ibinibigay na hazard pay na P500 per day. Tapos kung i-isolate ang isang pasyente, mayroon tayong isolation package na 22,000. Pagkatapos iyong in-patient care, ang Department of Education has a series of facilities all over the country. Dito sa Maynila, we have a very efficient one which is located in Marikina na kung saan ang aming mga teachers kung kailangan nilang magpa-isolate sila, kailangan nila ng treatment ay doon na ginagawa. So, for in-patient care, aabot iyan ng about 45,000 kung sakali.

So, lahat-lahat iyan may mga mechanisms ang department dahil napakalaki niya eh. So, we all have these protective mechanisms for the teachers. But definitely hindi kami magpadala ng pilot sa ECQ and we will think twice even about MECQ. Ang pipiliin naman talaga, very clear ang Presidente, iyong pinaka-low risk. Pero kung kailangan mayroon naman tayong hazard pay na ibinibigay.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary Briones.

**DEPED SEC. BRIONES:** Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Secretary Roque, salamat po.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat sa ating naging panauhin, ang ating Education Secretary, Secretary Leonor Briones. Ma'am, thank you very much and thank you for the good news. Maraming salamat, Usec. Rocky. Maraming salamat sa ating mga kasama sa Malacañang Press Corps.

So, dahil wala na po tayong mga katanungan, sa ngalan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque ang nagsasabi: Pilipinas, sisimulan na po natin ang ating pilot face-to-face. Ito po ay isang maliit na hakbang pagbalik po sa buhay ng nalaman natin bago ang pandemya. Kinakailangan po kabit-bisig, magtulungan. Makakaraos din po tayo and we will heal as one.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*